

Saludo ang Globe President at CEO Ernest Cu sa Pinay Tennis Player

Ipinagmalaki ni tennis sensation at Globe ambassador Alexandra "Alex" Eala ang bansa sa mahusay na pagganap sa 40th Women's Tennis Association 40th Miami Open 2025, kung saan ipinakita ng Filipina ang kahanga-hangang husay at determinasyon laban sa ilan sa mga pinakamalalaking pangalan sa sport.

Sa kabila ng maagang pangunguna at magiting na pagbabalik sa second set, tuluyang yumukod si Eala, hindi nakuha ang finals berth, pero umani ng masigabong palakpakan mula sa karamihan kasunod ng kahanga-hangang pananalasa.

Siya ang kauna-unahang Pinay na nakapasok sa isang WTA 1000 event semis at una rin sa Open Era na gumulantang sa top 10 players.

"Muling ipinakita ni Alex ang puso at diwa sa pakikipaglaban ng Pinay. Ang kanyang paglalakbay sa Miami Open ay isang patunay

sa walang humpay na pagmamaneho at dedikasyon niya sa isport," pahayag ni Globe President at CEO Ernest Cu. "Kami ay hindi kapani-paniwalang ipinagmamalaki ang kanyang mga nagawa at patuloy na suportahan namin habang binibigyan niya ng inspirasyon ang mga

batang atleta sa bansa."

Naging ambassador ng Globe si Eala nang walong taong gulang pa lang. Patuloy niyang itinaas ang antas pg PH tennis, pinapakita na ang talentong Pinoy kayang maging sa pinakamahusay sa mundo. Ang kanyang kampanya sa Miami

Open ay nagpapatibay sa katayuan niya bilang isang sumisikat na bituin sa propesyonal tennis at isang inspirasyon para sa mga susunod na henerasyon. Nananatiling nakatuon ang Globe na patuloy na suportahan si Eala sa paglalakbay sa mundo ng sport. **PINAS NEWS**



Alexandra "Alex" Eala

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



EXTRA PERSONNEL

Kipling at Taber
 Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
 Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
 416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
 INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government**
to file and administer programs that can
relieve your serious debt problem and
give you a **'fresh start'**

- ▶ **Get Out of Debt**
- ▶ **Stop Collection Calls**
- ▶ **Stop Interest Charges**
- ▶ **One Low Monthly Payment**
- ▶ **Without Bankruptcy**
- ▶ **Without Loans**



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236



DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ■ TORONTO ■ PICKERING / AJAX ■ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ■ BRAMPTON

British-Israeli lawyer ni Duterte

HAGUE - Ang abogado ng British-Israeli, tatayong lead counsel ng defense team ni dating Pangulong Rodrigo Duterte sa paglilitis sa kanya ng International Criminal Court (ICC) kaugnay sa ka- song crimes against humanity for murder.

Nakasaad sa mga profile ni Nicholas Kaufman na isa itong international lawyer at ICC defense counsel. Sinasabing ito'y naging mga pangunahing abogado sa international criminal law, supra- national regulatory law at commercial arbitration.

Naging prosecutor din si Kaufman ng ICC.

Nakasaad pa na isa siyang legal public relations specialist para sa international reputation management, litigation at crisis public relations.

Kumpiyansa ang British-Israeli lawyer na si Nicholas Kaufman na malakas ang depensa ng kliyente ni- yang si dating Pangulong Rodrigo Duterte para mapawang- sala sa International Criminal Court (ICC).

Sa panayam matapos



niyang bisitahin ang nakadetineng si Duterte, sinabi nito na "very confident" siya sa "strongest defense" para sa dating pangulo.

"I'm very confident the former president would] be acquitted indeed, even at the earliest stage," saad niya.

Sinabi rin ni Kaufman na siya ay pormal na naging bahagi ng defense team ni Duterte, at posibleng maipasok ito sa court system ng ICC agad.

Ito ay upang makumpirma ng ICC ang identidad ng dating pangulo at upang maipaalam sa kaniya ang mga umano'y alegasyon laban sa kaniya.

Haharap si Duterte sa mga judge na sina Judge Iulia Antoanella Motoc (presiding), Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou at Judge María del Socorro Flores Liera. **PNEWS**

VP Sara ang kumuha ng lawyers na may 'ICC experience'

PILIPINAS— Inaasahang makukumpleto na ngayong linggo ang defense team ni dating pangulong Rodrigo Duterte at hindi na makakasama rito sina dating Executive Secretary Salvador Medialdea at dating Presidential Spokesperson Atty. Harry Roque.

Kinumpirma mismo ni Vice President Sara Duterte na 'it- sa-pwera' na sa grupo ng mga abogado na magtatanggol sa kanyang ama sina Medialdea at Roque.

Ayon kay VP Sara, magwi-withdraw sa defense team si Medialdea dahil limitado lamang ang slots para sa mga abogado.

Nais din aniya nilang ang lahat ng makakasamang abogado sa defense team ay pawang may ICC experience na.

Si Roque naman, na una nang nagpahayag ng pag-



Vice President Sara Duterte

nanais na maging bahagi ng defense team ng dating pangulo, ay hindi na rin magi-ging bahagi nito upang makaiwas umano sa kumplikasyon, dahil hindi pa malinaw ang legal na basehan ng kanyang pananatili sa The Netherlands.

Ang defense team ng dating pangulo aypamumunuan ni Atty. Nicholas Kaufman, na nagpahayag na rin ng kumpiyansang malakas ang depensa ng dating pangulo at mapapawalang-sala ito sa kinakaharap na kaso.

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



EXTRA PERSONNEL

Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.



Dalawang Inuit na kababaihan nag-uwi ng Juno Awards

CANADA - Dalawang Inuit na kababaihan ang tumanggap ng parangal sa 2025 Juno Awards sa Vancouver, B.C., noong weekend.

Nanalo ang singer-song-writer na si Elisapie sa adult alternative album of the year category para sa Inuktitut habang si Deantha Edmunds, isang opera singer, nanalo ng classical composition of the year para sa kanyang piyesa, ang Angmalukisaa.

I'm so proud to be an Inuk woman, I'm so proud to be singing in my language and I would just like to say thank you to all the artists who accepted for me to translate their songs, who meant so much to us for the last 40 years, sabi ni Elisapie



Elisapie

Ito ang pangalawang Juno (bagong window) ni Elisapie — pagkatapos manalo ng award para sa pagiging contemporary Indigenous artist of the year noong nakalipas na taon.

Ang Inuktitut ay nanomina



Deantha Edmunds

rin para sa album of the year — isang kategorya na napanalunan ni Tate McRae para sa Think Later.

Samantala si Deantha Edmunds ng Newfoundland and Labrador, sinabi sa mga manonood na ang kanyang

award meant a lot (bagong window).

Pinasalamatan niya ang kanyang pamilya para sa kanilang suporta, kasama ang ina na si Loretta at ang yumaong ama na si Albert Edmunds.

I would like to thank my husband Darin and our beautiful daughter Annabelle, who are at home cheering me on. I miss you guys, ani Edmunds.

Si Edmunds ay nanomina rin para sa classical composition of the year sa large ensemble category para sa album na Alikeness. Ang Ispiciwin, isang album na tampok ang kanta ni Yellowknife composer Carmen Braden na tinatawag na Crooked by Nature, ay nanomina rin sa naturang kategorya. =**RCI**

"The Travel Partner You Can Trust!"

tico.ca

Polaris Travel & Tours



Polaris
Travel & Tours

**Contact us for LOW AIRFARES
to the Phillipines**

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

Legal ang pag-aresto kay dating Pangulong Rodrigo Duterte - law experts

PILIPINAS— Iisa ang posisyon ng apat na Filipino legal experts hinggil sa utos ng International Criminal Court’s (ICC) na arestuhin si dating Pangulong Rodrigo Duterte dahil sa kinakaharap nitong kasong may kaugnayan sa crimes against humanity.

Ayon sa apat na kilalang mga legal experts na sina dating Supreme Court Associate Justice Antonio Carpio, ICT Senior Associate Ruben Caranza, dating ICC Judge Raul Pangalan, at rights lawyer Ted Te, “legal” at “warranted” ang pag-aresto sa dating pangulo.

Anila, ang gobyerno ng Pilipinas ay sumunod lamang sa proseso sa ilalim ng Republic Act No. 9851, o ang “Philippine Act on Crimes Against International Humanitarian



Former President Rodrigo Duterte Law, Genocide, and Other Crimes Against Humanity.”

Ang pagdakip ni Duterte ay salig sa Article 17 ng Rome Statute, kung saan ang Pilipinas ay pinapayagan na direktang isuko ang isang indibidwal sa ICC dahil sa pagkakasangkot sa international crimes.

Nagtataka rin ang mga legal expert sa pagpupumilit ng mga kaalyado at tagasu-

Sen. Bato magtatago sa ICC?

PILIPINAS — Inihayag ni dela Rosa na handa siyang magpaaresto upang mada-la rin sa The Hague, Netherlands at maalagaan sa detention facility ng ICC si dating Pangulong Rodrigo Duterte na nahaharap sa kasong “crimes against humanity”.

“I am ready to join the old man hoping that they would allow me to take care of him,” wika niya isang araw matapos maaresto si Duterte. Si dela Rosa ang dating hepe ng PNP noong ipatupad ang madugong war on drugs ni Duterte.

Sa kabilang banda, walang balak si Senator Ronald “Bato” dela Rosa na sumuko o magpahuli at sa halip ay magtatago na lamang

porta ng dating pangulo na ilegal ang pagkakaaresto dito at pagdadala sa kaniya sa The Hague.

Pilipino Star Ngayon



Senator Ronald “Bato” dela Rosa

sakaling -magpalabas na ng warrant of arrest ang International Criminal Court (ICC) laban sa kanya. Wala aniya diumanong hustisya sa bansa kaya walang dahilan para isuko ang sarili. Inamin ni dela Rosa na kasama ito sa kanyang plano.

Kabilang din sa balak ni dela Rosa ang magpakupkop sa Senado lalo pa’t tiniyak sa kanya ni Senate President Francis Escudero na hindi siya maaaring arestuhin sa loob ng Senado habang may sesyon.

Pilipino Star Ngayon

S e r v i n g O u r C o m m u n i t y S i n c e 2 0 0 0

Our Advertisers
Refer Us
To Their Friends,
FIND OUT WHY.



Filipino Canadians (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest

group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated **957,355**, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for **Filipino immigrants**.

Canada inaasahan ang mas maliit na hagupit mula sa pandaigdigang taripa ni Trump

Sinabi ni U.S. President Donald Trump na siya ay magpapatupad ng pandaigdigang taripa, ngunit sinabi ni New Brunswick Premier Susan Holt na sinabi ni Prime Minister Mark Carney sa mga probinsyal at teritoryal na lider na ang Canada ay inaasahang makakaranas ng mas kaunting pinsala kaysa sa iba pang mga partner sa kalakalan.

Pagkatapos ng pagpupulong kasama si Carney sinabi ni Holt kamakailan na nakakahikayat na marinig na tayo ay tila makatanggap ng favourable — kung matatawag mo nga ito na ganoon — na lebel ng mga taripa.

Ayon kay Holt, sinabi ng prime minister sa mga premier na inaasahan ang pagkakaroon ng iba't ibang tiers ng mga taripa, at ang Canada ay mapapabilang sa pinakamababang lebel — kasing baba ng 10 o 15 porsyento.



Susan Holt
New Brunswick Premier

Ibig sabihin ang ating projections sa New Brunswick na mawawalan ng trabaho ang potensyal na 11,000 katao ay liliit to something smaller than that, ani Holt sa isang interbyu.

Pagkatapos ianunsyo ang 25 porsyentong taripa sa lahat ng finished na sasakyan na ii-import sa Estados Unidos, kinausap ni Carney ang mga reporter tungkol sa paparating na pandaigdigang taripa at binanggit ang isang positibong outcome.

Mayroon tayong best deal

Mga hamon sa paghaha-hanap ng trabaho mga baguhan sa Canada mahirap sa baguhan



Isang hamon ang maghanap ng trabaho sa Canada lalo na para sa mga newcomer. Ang paghahanap ng trabaho ay isa sa mga unang bagay na ginagawa ng mga newcomer sa Canada at ito ay maaaring maging mapanghamon.

ng isang bad deal, is the way I would term it sa loob ng iminungkahi ng mga Amerikano, ani Carney.

Dagdag pa ng prime minister ang Canada ay may ilang hakbang na maaari nitong ipatupad bilang tugon sa mga taripa. Ngunit siya ay naging magaan sa mga detalye.

Sa isang negosasyon,

walang saysay kung sasabihin mo kung ano ang iyong gagawin sa hinaharap, ani Carney.

Sinabi ni Holt na pinagdiskusyonan ng mga premier ang retaliatory strategy ng Canada at nais nila na maging appropriate, strategic at proportional ang tugon ng bansa. **RCI**

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



EXTRA PERSONNEL

Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

Karanasan ng Pinoy engineer newcomer at project manager sa Pinas 'di makapag-trabaho bilang engineer sa Canada

Isang hamon ang maghanap ng trabaho sa Canada lalo na para sa mga newcomer

Ang paghahanap ng trabaho ay isa sa mga unang bagay na ginagawa ng mga newcomer sa Canada at ito ay maaaring maging mapanghamon.

Si Rex Gonzales ay isang industrial engineer at project manager sa loob ng 16 na taon sa Pilipinas. Ngunit nahirapan siyang maghanap ng trabaho sa kanyang larangan mula noong lumipat ng Canada — kahit nag-apply sa halos 100 trabaho.

Sa kasamaang-palad, hanggang ngayon, matapos ang dalawa o tatlong buwan ng pag-a-apply sa trabaho, hindi pa ko nakakuha ng anumang tawag para sa isang interview, sinabi niya sa guest host ng The Current na si Duncan McCue.

Lumipat si Gonzales sa Vancouver noong Hulyo 2022 kasama ang asawa at anak na babae. Umaasang gaganda ang kanyang tsansa na makapasok sa Canadi-



Rex Gonzales engineer at project manager sa Pilipinas.

an job market, nagtrabaho siya bilang isang deli clerk habang kinukumpleto ang master's degree sa business administration. Kumuharin siya ng sertipikasyon sa project management.

Kasalukuyan siyang nagtatrabaho bilang shift supervisor sa isang establimento na nagtitinda ng prutas at gulay, inilarawan

ang kanyang trabaho bilang isang survival job.

Ang paghihirap ko na ito ay nakakaapekto financially, dahil sa sitwasyon [ng housing] dito sa Vancouver at, siyempre, ang tumataas na cost of living, aniya.

Noong isang buwan, ipinakilala ng probinsyal na gobyerno ng B.C. ang isang batas na nakatuon sa pagtu-

long sa mga imigranteng may foreign credentials na ipagpatuloy ang kanilang karera sa 29 na propesyon, kasama ang mga inhinyero, abogado, titser at social workers.

Bill 38, ang International Credentials Recognition Act, ay tatanggalin ang mga hadlang tulad ng redundant language testing, gayundin ang requirement na kailangan magkaroon ng professional experience ang mga manggagawa sa Canada. Maraming imigrante ang nahihirapang kumuha ng Canadian work experience sa kanilang propesyon, dahil hindi pa sila lisensyado na magtrabaho.

Si David Lee, ang direktor ng employment, language at social enterprise sa MOSAIC — na tumutulong sa mga imigrante at refugee na makapag-settle sa Canada, ay sinabi sa CBC News noong nakaraang buwan may mga imigrante ang umalis na ng Canada dahil hindi makakita ng trabaho sa kanilang field.

RCI



Taliba**Flipz**Media Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos \$20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
- 50-90 photos \$25 per photo
- 20-49 photos \$30 per photo
- 10-19 photos \$35 per photo
- 5-9 photos \$40 per photo
- 2-4 photos \$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license



For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

DATOL ORDER



By Mon Datol

'Ikakahon' ari-arian ni DDU30

Hinihintay lang ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) ang request ng ICC para i-freeze ang mga ari-arian ni dating Pangulong Rodrigo Duterte, pero ayon ke Palace Press Officer

Atty. Claire Castro ay wala pang katiyakan na makikipagtulungan ang gobyerno sa ICC kapag naglabas ng freeze order para sa mga ari-arian ng dating pangulo dahil nga...

Wala ng hurisdiksyon ang ICC sapul pa 2019.

Balitang mga OFW Maisug Croatia sa Europa ay ikinasa ang 'zero remittance week' padala sa kanilang mga pamilya sa Pilipinas na itinakda sa Marso 28 hanggang Abril 4 para igiit na ibalik sa Pilipinas si dating Pangulong Duterte. Aba, eh,

sino ba magugutom kung sila ay di magpadala pera sa pamilya nila sa Pinas? si PBBM ba?

Pamilya nyo ring DDS OFWs ang ngaga! mga anga!

Tanggap na ni VP Sara Dute-

rte na malabong maibalik pa sa Pilipinas ang kanyang amang dating Pangulong Rodrigo Duterte matapos itong arestuhin at dinala sa International Criminal Court (ICC) sa The Hague, Netherlands noong Marso 11.

Ha? Nawalan agad-agad pag-asa si Sara? Talaga?

Aba, e, mas asal-anak pa ni DU30 si Sen. Imee Marcos keysa VP Sara eyh? Bakit ikanyo? Dahil sinabihan ng sister ni PBBM si Sen. Bong Go (ang ayudante ni DU30 nuon pang alkalde tatay ni VP Sara ng Davao City hanggang ngayon na Senador na ito) na huwag kaagad sumuko at me paraan pa na maibalik sa Pinas ang dating Pangulo. Kung paano ay...

Di rin alam ni Manang Imee, baka sa panaginip lang niya.

Sa sobrang atat na makuha muli ang simpatiya ng mga Duterte ay namangka na naman sa 2 ilog itong Manang daw ni PBBM kayat

nagpatawag ng Senate hearing on foreign affairs para dinggin, in aide of legislation (???) ang legalidad (DAW???) ng pag-aresto sa kaniyang Tatay Digong ng ICC thru the Interpol.

Sa grabeng arte ni Sen. Imee, pati loyalista ligwak na sya.

Kaya ginawa ni Sen. Imee ang Senate hearing, in aid of re-election, err, legislation pala, ay para imbestigahan, DAW, na may mali o' pagkukulang, ang Philippine law authority sa pagdakip at pagbigay ke dating pangulong DU30 sa ICC. Alam na Po ng mga Pinoy ang nangyari sa pag-aresto at paglipad ni DU30 sa The Hague, kayat...

Por Jaws por Kwatro Kantos, enuff na Manang Biday, lunod ka na sa 2 ilog na nilalanguyan mo.

Dahil sa ginawang agarang Senate hearing na ipinatawag si Sen. Imee





hinggil sa pag-aresto ke DU30, ay kitang-kita na kinuwestiyon ng sister ni PBBM ang legalidad ng pag-aresto sa Tatay ni Sara at 'kahinaan' ng administrasyon ng Ading nyang Pangulong Marcos. Jr. kaya't hayagan na ring...

Nabwisit na si PBBM at di na kinikibo si Manang 'doble-kara.'

Kaya't hayunnnnn...ang resulta ay solo-solo ng kumakampanya si Sen. Imee at sa lumabas na video niya na napanood ko kahapon sa YT ay nasa Caloocan City sya, nakasakay sa isang open vehicle, nagtatapon ng TShirts yata yon sa iilang nakatayo sa gilid ng mga kalye sa Caloocan City na me hawak poster ng...

Manang Biday ni Ading PBBM na naglalahona star sa Senado.

Well, ang kinuha ni VP Sara na si British-Israeli lawyer Nicholas Kaufman ay nagsabing kumpiyansa siyang mapapawalang-sala si Duterte sa ICC at malakas ang depensa ng kliyente niyang dating Pangulong para mapawang-sala sa International Criminal Court. dagdag pa ni Kaufman na...

"Very confident" siya sa "strongest defense" ni DU30. Pramis. Kuno.

Opkors, walang abogado sa buong mundo, lalo na yong mga 'highest-paid' criminal lawyers, ang magsasabing 'mahina' ang depensa na kanilang kliyente. Mas malaki acceptance fee ng mga abogado kapag sikat sila at mataas 'winning percentage' sa mga hinawakang kaso tulad umano ni Atty. Nicholas Kauffman na panigurdong ...

Milyones na dolyares o' kilo-kilong Brithish Pounds ang ibabayad ni DU30.

Kayat paanong maniniwala mga DDS na 'walang pera' at mahirap si DDU30 o' mga anak niyang sina VP Sara, Cong. Pulong at Mayor Baste KUNG kaya nilang magbayad ng toneladang pounds sa abogadong tulad ni Kauffman at 3 pang beteranong ICC lawyers na di-Pilipino para ipagtanggol ang kanilang ama na...

Humihingi ng hustiyang di niya ibinigay sa may 6,000 pinatay ng operasyong Tokhang ng administrasyon niya?

Babatiin po natin ng Happy 80th Birthday si dating Pangulong Digong Duterte na mag-celebrate (right word nga ba gina-

mit ko?) sa loob ng karsel ng ICC sa The Hague sa March 28, 2025 at bali-tang dadalawin siys ng ex-wife niya (mother ni VP Sara, Pulong at Baste) kasama rin yata doter niyang si Veronica 'Kitty' Duterte (anak ni Honey-let) na namana sa Tatay niya at Ate Sara ang...

Magmura ng sobrang lutong na tatak-Duterte. Nakngdragon.

Inumpisahan na ngayong Lunes (habang tinitipa ko itong artikulo ko) ng MANIBELA ang 3-araw na 'transport strike' mula March 24-26 bilang protesta sa PUV modernization program ng LTFRB kayat panigurado raw, ani MAMIBELA officials, na maapektuhan mga jeepney riders na umaasa sa ...

'Kings of the Road' sa pumupugak na tambut-so sa usok sa kalye.



SARA DUTERTE DEFENDS DEPED'S CONFIDENTIAL FUNDS

Sa patuloy na ginawang imbestigasyon ng Kamara hinggil sa listahan ng mga nakatangap ng confidential funds sa DepEd ay me lumitaw na bagong grupo na namang Tropang 'Amoy, Asim' na kumubra rin ng spy fund ni VP Sara. So, ang Tropan 'Asim at Amoy' ang...

Mga bagong member ng Budol Gang! Nakng-dragon!

Biruin nyong bukod sa pamilya "Piattos", mga "Dodong", "Jay Kamote" at "Miggy Mango", ay sumama na sina "Amoy Liu", "Fernan Amuy" at "Joug De Asim". Sinabi ni Ortega na sina "Liu", "Amuy" at "De Asim" at ang ito ay walang birth, marriage o death record sa database ng Philippine Statistics Authority.

Mga pekeng tao ang kumukuha ng confi funds ni VP Sara?

Boxing great George

Foreman dead at 76, says family. Yumao ang two-time heavyweight champ nuong March 21, 2025, na kapiling ang buong pamilya.

Rest in Peace Champ!

Si Alex Eala, ang 19-taong 'tennis sensation' ng Pinas, ay patuloy ang ratsada sa Miami Open nang awtomatiko itong makahirit ng tiket sa quarterfinals ng Miami Open kahapon sa Miami, Florida matapos mag-withdraw sa Round-of-16 si Paula Badosa ng Spain dahil sa iniinda nitong lower back injury. Dahil dito, walang kahirap-hirap na nakapasok sa Last 8 si Eala ang pina-ka-unang Pinoy player na nakahirit ng tiket sa quarterfinals ng isang major tennis event, at...

Nakasisiguro na ng \$189,075 o mahigit P10 milyon premyo.

At dahil sa pagpasok umano ni Eala sa quarterfinals ng Miami Open ay

mabibiyayaan din ito ng 215 puntos sa Women's Tennis Association (WTA) rankings. Aba, kung tutuo yon ay posibleng papasok na sa...

Top 100 WTA women players ang ating Alex Eala!!! Mabuhay Ka!

Natuwa si POC president Abraham Tolentino sa pagkakasama ng boxing sa programa para sa 2028 Olympics sa Los Angeles dahil naamoy na marahil ng kaibigan kong si Cong Bambol ang unang gintong medalya sa boxing ng ating mga national boxers sa nasabing quadrennial summer games.

'Go For Gold' national boxers sa LA Olympics!

Well, olat ang Pinas sa ginawang request na Extradition vs dating Negros Oriental Rep. Arnolfo "Arnie" Teves Jr..Teves, dahil ibina-sura ng Court of Appeals ng Timor Leste ang request nga ng ating bansa. Aapela raw

ang ating bansa sa Timor Leste para ibalik sa Pinas si Arnie Teves, Jr., na nagpatay sa isang Gobernador na kaaway niya sa pulitika. Tingin ko sa kasong ito?

Di ko makita, me takip na rin yata NG GREEN BUCKS mata ko.

Hindi raw nagtatago si Sen. Bato dela Rosa dahil sa naka-ambang warrant mula ICC, at dahil di niya kinikilala ang otoridad ng ICC sa ating bansa na tumiwalag na sa nasabing Roman Statute nuon pang 2019 na pangulo pa Bossing DDU30 niya. Nangagampanya raw siya kahit na...

Guerilla tactics lang. Nakngdragon! Di Po nagtatago si Bato.

Sobrang galit ni Sen. Bato ke PBBM na tinawag nyang walang isang salita dahil ipinangako raw ni PBBM na ni isang buhok nila ay di magagalaw ng ICC, pero, hayun at naaresto at nadala si FPRRD sa The Hague. Aba, swerte nga ni Senador dela Rosa eh, dahil kung me buhok siya kahit katiting lang at ...

Di kalbo ay panigurdong kasama ni Digong si Bato sa Kalaboso.

Eksakto lang balik-Toronto naming mag-asawa 2nd week ng Abril dahil magpapatawag daw ng federal snap election sa April 28 ang bagong Canada PM Mark Carney, ang pumalit ke Justine Trudeau.

Exciting ang feds polls dahil mahigpit laban ng fave PC at Liberal.

SHORT ORDER: Happiest 17th birthday to our only Lalaking Apo Kyle Edmon Datol Bello (March 27,

2025) child No. 2 of our eldest of 2 doters Mabel Datol-Bello & hubby Edgar Y. Bello, (No. 1 child is Nicole); ... Happy birthday Diva Elaine Vilorio (March 25) of Toronto;... Happiest birthday Insang Semiona Valencia of Jaen,

NE (March 24);... Happy birthday (March 24) to Lon Gonzales Macabansag;... Happy birthday Gianna Maniego, wifey of my former sports editor Butch Maniego (RIP), March 24, of Manila; Happiest birthday Insang Carlos C.

Datol (March 23);... Happy birthday to a friend Vic Endriga of Manila (March 23); ...Toronto Diva Maria Panaligan celebrates March 23!; ...Happy birthday to classmate Mirriam de Belen of the USA who celebrates in Manila &

Jaen (March 23); Happy birthday to colleague Roy 'Ayo' Luarca of Manila (March 22). Happy Birthday (March 22) my friend Emil Romano, better-half of colleague Virgie Romano of USA. MBTC Champ! God Bless.

Bumaha ng mga tanong mula sa U.S. doctors tungkol sa paglipat sa Canada

Ang kilalang heart surgeon sa Ottawa na si Marc Ruel ay nagpaplanong lumipat sa Estados Unidos noong nakaraang taon, ang University of California, San Francisco “nagagalak na ianunsyo” na siya ang mamumuno sa heart division ng kanilang surgery department.

Ngunit ang mga banta ni Donald Trump sa Canada naimpluwensiyahan si Ruel na magdesisyon ngayon na manatili sa Canada.

Hindi lang si Ruel ang tanging medical professional na ngayon ay nag-aatubiling magtrabaho sa Estados Unidos.

Ibig sabihin ang health-care system ng Canada ay maaaring makinabang mula sa kaguluhang pampulitika na pinakawalan ng pangulo ng U.S, habang ang mga Amerikanong doktor ay tinitingnan ang paglipat sa norte at ang Canadians naman pinapakawalan ang mga oportunidad sa timog ng border.

Sa loob ng mahigit isang dekada, nagsilbi si Ruel bilang pinuno ng cardiac surgery sa University of Ottawa Heart Institute, dinibelop ang world-leading techniques sa mas less invasive bypass surgery.

Sinabi ni Ruel na kinokonsidera niya ang kanyang skills bilang produkto ng Canada, mga abilidad na handa na siyang ibahagi sa mundo nang tinanggap ang posisyon sa University of California, San Francisco UCSF noong nakaraang taon.

In the western United States, no one does this more advanced, minimally invasive multiple bypass surgery, aniya.

I don't want to do politics, I'm a surgeon, I'm not a politician and I respect every nation's choice to choose their own destiny, aniya.



Ngunit ang pagpataw ng taripa ni Trump at ang mga banta na ia-annex ang bansa na naging pinakamalapit nitong kaalyado sa kasaysayan ay ginawa ang geopolitics na isang isyu na hindi maiiwasan.

I had to most unfortunately change my decision, ani Ruel. I say unfortunately because there were patients there in California, I can tell you, who we're looking forward to having this type of surgery.

Dahil sa mas malaking konteksto, sinabi ni Ruel na ang pananatili sa bansa ang pinakamabuting desisyon.

I'm very happy to be here and to serve, as well as I can, my fellow Canadians, aniya.

Samantala sa U.S., maraming doktor ang kinokonsidera kung magpapatuloy sila sa kanilang trabaho sa ilalim ng administrasyon ni Trump.

Nakausap ng CBC ang dalawang Amerikanong doktor na nais lumipat sa Canada at ang ikatlo na kalilipat lang sa B.C.

Tumanggi na magsalita ang tatlo on record, binanggit na natatakot silang gantihan para

sa kritikal na pagsasalita laban sa administrasyon ni Trump. Ngunit ibinahagi ang concerns tungkol kay health secretary Robert F. Kennedy Jr. na isinusulong ang isang anti-science at vaccine-skeptical agenda.

Nitong nakalipas na linggo, iniulat ng U.S. media na kinuha ni Kennedy si David Geier, isang vaccine skeptic, upang pag-aralan ang ugnayan sa pagitan ng pagbabakuna at autism.

Si Geier, na na-censure noong 2012 para sa pagpapraktis ng medisina na walang lisensya sa Maryland, inilathala dati ang debunked claims tungkol sa pagpapataas ng risk ng autism ng mga bakuna, ay sinasabi ng mga kritiko na ang outcome ng anumang susunod na imbestigasyon na pamumunuan ni Geier ay napagdesisyon na.

Noong Huwebes, inanunsyo rin ni Kennedy ang plano na ibasura ang 10,000 trabaho bilang parte ng restructuring ng federal public health agencies.

Bumabaha ang mga tanong Ang mga concern tungkol sa political climate sa Estados Unidos binuksan ang floodgate

ng mga katanungan tungkol sa paglipat sa Canada, ayon sa recruiter na si Michelle Flynn.

The amount of interest has more than doubled over the last several months, aniya sa CBC.

Ang COO ng CanAm Physician Recruiting Inc., si Flynn nirekrut ang U.S.-trained physicians na magtrabaho sa Canada at ikinukuha rin ng mga posisyon ang Canadian specialists sa U.S.

Bagama't kamakailan, siya ay nahihirapan na kumuha ng sinumang Canadian na interesado lumipat sa timog.

I started a position for an [obstetrician-gynecologist] in the U.S. before President Trump was elected, aniya. We since have had to scrap that idea totally. Nobody is going to the U.S.


Para harapin ang pagdagsa ng mga inquiry mula sa mga Amerikanong doktor na nais pumunta sa Canada, sinabi ni Flynn na siya ngayon ay nagsasagawa ng mga interbyu limang araw sa isang linggo, tumaas mula sa tatlong araw kada linggo dati.

We're getting 60-plus physicians coming to and registering on our website a month, aniya.

Ang Canada ay nasa mas magandang posisyon ngayon na i-welcome ang U.S.-trained physicians kaysa nakaraan, dahil karamihan ng mga probinsya tinanggal na ang mga hadlang sa pagbibigay ng lisensya nitong nakalipas na mga taon.

Ang Ontario partikular ang nasa magandang posisyon upang tumanggap ng mga Amerikanong doktor, ayon sa provincial health ministry.

There is no doubt the U.S. is facing economic uncertainty at the hands of President Trump's tariffs, sinabi ng Ministry of Health sa isang emailed statement.**RCI**



Posible ba ang isang daigdig na walang kahirapan?

Milyon-milyon ang namamatay taon-taon dahil sa malnutrisyon at sakit na dulot ng sobrang kahirapan. Kahit na may kasaganaan sa ilang lugar sa daigdig, malaking por-siyento pa rin ng mga tao ang dumaranas ng matinding kahirapan. Ipinakikita ng Bibliya na matagal nang problema ng tao ang kahirapan.—Sabi ng Juan 12:8. - **"Dahil lagi ninyong kasama ang mahihirap,a pero hindi ninyo ako laging makakasama."**

Para magwakas ang kahirapan, kailangan ang isang pandaigdig

na gobyerno. Dapat na kaya ng gobyernong ito na ibahagi nang pantay-pantay ang mga likas na ya-man ng mundo at ali-sin ang mga digmaan, na siyang pangunah-ing dahilan ng kahi-rapan. Nangako ang Diyos ng gayong pan-daigdig na gobyerno.—BGanito ang sabi ng Daniel 2:44.-" **"Sa panahon ng mga har-ing iyon, ang Diyos ng langit ay magtatatag ng isang kahariana na hindi mawawasak kailanman.b At ang kahariang ito ay hin-di ibibigay sa ibang bayan.c Dudurugin**

nito at wawakasan ang lahat ng kahariang iyon,d at ito lang ang mananatili mag-pakailanman,

Sino ang makapag-aalis ng kahirapan?

Inatasan ng Diyos ang kaniyang Anak, si Jesus, na mamahala sa lahat ng tao. (Awit 2:4-8) Ililigtas ni Jesus ang mga dukha at wawakasan ang paniniil at kara-hasan.—Basahin ang Awit 72:8, 12-14. -**Magkakaroon siya ng mga sakop* mula sa isang dagat hanggang sa isa pang dagat**

At mula sa llog* hang-gang sa mga dulo ng lupa.

Awit 72:12-14 -**Dahil ililigtas niya ang dukha na humihingi ng tu-long, At ang hamak at ang sinumang walang katulong.**

Maaawa siya sa ha-mak at sa dukha, At ililigtas niya ang buhay ng mga dukha.

Sasagipin niya sila mula sa pang-aapi at karahasan, At magi-ging mahalaga sa pani-ngin niya ang dugo nila.

Bilang ang inihulang "Prinsipe ng Kapayap-aan," pangyayarihin ni



Paano pangyayarihin ng diyos ang isang daigdig na walang kahirapan?—Mateo 6:9, 10.

Jesus na magkaroon ng kapayapaan at katiwasayan sa buong mundo. At ang lahat ng tao sa lupa ay titira sa kani-kaniyang bahay, masisiyahan sa pagtatrabaho, at magkakaroon ng saganang pagkain.

—Basahin ang Isaias 9:6, 7;

Dahil isang bata ang ipinanganak sa atin, Isang anak na lalaki ang

ibinigay sa atin;

At ang pamamahala ay iaatang sa balikat niya.

Siya ay tatawaging Kamangha-manghang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang-Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan.

Ang paglawak ng pamamahala niya

At ang kapayapaan ay hindi magwawakas

Sa trono ni David^f at sa kaniyang kaharian

Para itatag ito nang matibayg at panatilihin

Sa pamamagitan ng katarungan^h at katuwiran, Ngayon at magpakailanman.

Mangyayari ito dahil sa sigasig ni Jehova ng mga hukbo.

Isaias 65:21-23

Magtatayo sila ng mga bahay at titira sa mga iyon, At magtatanim sila ng ubas at kakainin ang bunga nito.^b

Hindi sila magtatayo pero iba ang titira, At hindi sila magtatanim pero iba ang kakain.

Dahil ang mga araw ng bayan ko ay magiging gaya ng mga araw ng isang puno,^c At lubusan silang masisiyahan sa mga gawa ng kanilang mga kamay.

Hindi sila magpapagod nang walang saysay, At hindi sila magsisilang ng mga anak na magdurusa,*

Dahil sila at ang mga inapo nila Ang mga supling na pinagpala ni Jehova.*

Paano Nakapagliligtas si Jesus?



Iniligtas ni Jesus ang tapat na mga tao nang ibigay niya ang kaniyang buhay bilang haing pantubos. (Mateo 20:28) Kaya sa Bibliya, tinatawag si Jesus na “Tagapagliligtas ng sanlibutan.” (1 Juan 4:14) Sinasabi pa nito: “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao na siya nating dapat ikaligtas.”—Gawa 4:12.

‘Natikman ni Jesus ang kamatayan para sa bawat tao’ na nananampalataya sa kaniya. (Hebreo 2:9; Juan 3:16) Pagkatapos, “ibinangon siya ng Diy-

os mula sa mga patay,” at bumalik si Jesus sa langit bilang espiritung nilalang. (Gawa 3:15) Doon, nagagawa ni Jesus na “iligtas nang lubusan yaong mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, sapagkat siya ay lag-ing buháy upang makiusap para sa kanila.”—Hebreo 7:25.

Bakit kailangang makiusap si Jesus para sa atin?

Makasalanan tayong lahat. (Roma 3:23) Dahil sa kasalanan, nagkaroon

ng harang sa pagitan ng mga tao at ng Diyos, at ang kasalanan ay umaakay sa kamatayan. (Roma 6:23) Pero si Jesus ay nagsisilbing “tagapagtanggol” ng mga nananampalataya sa pantubos. (1 Juan 2:1, Biblia ng Sambayanang Pilipino) Nakikiusap si Jesus sa Diyos na dinggin ang panalangin nila at patawarin ang mga kasalanan nila salig sa bisa ng kaniyang kamatayan. (Mateo 1:21; Roma 8:34) Dinirinig ng Diyos ang mga pakiusap na iyon ni Jesus dahil ang mga iyon ay kaayon ng kalooban Niya. Isinugo ng Diyos si Jesus sa lupa “upang ang sanlibutan ay

maligtas sa pamamagitan niya.”—Juan 3:17.

Sapat na ba ang paniniwala kay Jesus para maligtas?

Hindi. Bukod sa paniniwala kay Jesus, may iba pang kailangan. (Gawa 16:30, 31) Sinasabi ng Bibliya: “Kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, gayundin ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay.” (Santiago 2:26) Para maligtas, kailangan nating:

Matuto tungkol kay Jesus at sa kaniyang Ama, si Jehova.—Juan 17:3.

Manampalataya sa kanila.—Juan 12:44; 14:1.

Ipakita ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos nila. (Lucas 6:46; 1 Juan 2:17) Itinuro ni Jesus na hindi lahat ng tumatawag sa kaniya ng “Panginoon” ay maliligtas kundi ang mga “gumagawa [lang] ng kalooban ng [kaniyang] Ama na nasa langit.”—Mateo 7:21.

Patuloy na ipakita ang ating pananampalataya kahit sa mahihirap na kalagayan. Idiniin iyan ni Jesus nang sabihin niya: “Siya na nakapagbata hanggang sa wakas ang siyang maliligtas.”—Mateo 24:13.



S e r v i n g O u r C o m m u n i t y S i n c e 2 0 0 0

Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



Filipino Canadians (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest

group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated **957,355**, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for **Filipino immigrants**.

ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870



Taliba**Flipz**Media

Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry
or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

• 100+ photos	\$20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
• 50-90 photos	\$25 per photo
• 20-49 photos	\$30 per photo
• 10-19 photos	\$35 per photo
• 5-9 photos	\$40 per photo
• 2-4 photos	\$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com



P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

TALIBA/Flipz Media

(Magazine & Social Media Services)

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strengthen the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

**“Bringing your products & services at
the forefront of digital industry.”**

ABOUT: While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

SERVICES: Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

VISIT www.talibaflipzmedia.com or CALL ROLLY : 647-287-1870